


# Mayroong Higit Na Mabuting Daan



Ni Leona Williams

### **Nanghihina ba ang Iyong Loob at Ikaw ay nagugululuhan?**

Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng lakas ng loob at ikaw ay Kaniyang aaliwin. “Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo; hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.” —Juan 14:27

### **Ikaw ba ay Nalulungkot at Nasisiraan ng Loob?**

Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng kagalakan. “Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay: Nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan; Sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailan man.” —Mga Awit 16:11

### **Ikaw ba ay Napapagod at Nanghihina?**

Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng kapahingahan. “Magsiparito sa akin, kayong lahat ng nangapapagal at nangabibigatang lubha, at Kayo’y aking papapagpahingahin.” —Mateo 11:28

### **Ikaw ba ay Natatakot?**

Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng kalakasan ng loob. “Huwag kang matakot, sapagka’t ako’y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka’t ako’y iyong Diyos; aking palalaksin ka; oo, aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran.” —Isaias 41:10

### **Ikaw ba ay Nalulumbay at Walang Kaibigan?**

Si Hesukristo ay iyong magiging kasama. “... Sapagka’t siya rin ang nagsabi, Sa anumang paraan ni hindi kita pababayaan.” —Hebreo 13:5

### **Ikaw ba ay Nabibigatan sa Bigat ng Kasalanan?**

Si Hesukristo ang magpapatawad sa iyo. “Na sa kaniya’y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya.” —Mga Taga-Efeso 1:7

### **Ikaw ba ay Maysakit sa Iyong Katawan?**

Si Hesukristo ang magpapagaling sa iyo. “At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon: at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kaniya.” — Santiago 5:15

### **Si Hesukristo ay Pumarito Upang Handugan Ka ng Higit na Mabuting Daan**

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” —Juan 14:6

## **Tanggapin mo Si Kristo na Iyong Tagapagligtas Ngayon**

“Datapuwa’t ang lahat ng sa kaniya’y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, sa makatuwid baga’y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan.” —Juan 1:12

### **Tayo ay Manalangin**

Mahal na Panginoong Jesus, aking natatanto na mayroong higit na mabuting daan at nais kong lumakad sa daang ito. Nagsisisi ako sa aking mga kasalanan at tinatanggap kita na sarili kong Panginoon at Tagapagligtas.

**Sa araw na ito ay tinanggap ko si  
Hesukristo na sarili kong Tagapagligtas.**

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_

Tirahan \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_